

Mga Pagtaas ng Suweldo

Klasipikasyon	Hunyo 2023	Hunyo 2024
Light Duty < 6 na buwan	\$17.56	\$18.66
Light Duty > 6 na buwan	\$17.86	\$18.96
Heavy Duty < 6 na buwan	\$18.28	\$19.38
Heavy Duty > 6 na buwan	\$18.53	\$19.63
Special Project Worker	\$19.53	\$20.63
Lead Hand	\$19.28	\$20.38
Operations Coordinator	\$22.48	\$23.58

Walang táong sakop ng Agreement na ito ang tatanggap ng increase na mas mababa sa nakatakda sa ibabâ:
\$1.20 sa Hunyo 1, 2023
\$1.10 sa Hunyo 1, 2024

Premiums

Ang overnight premium ay tumaas mula 50 cents (\$0.50) at naging 75 cents (\$0.75). May idinagdag din na bagong forklift premium sa agreement na ito; ito ang Heavy Duty Rate plus one dollar (\$1.00) bawat oras.

Tandaan na ang Lead Hand at Special Project ay classifications na ngayon at nakatanggap din ng karagdagang 25-cent (\$0.25) increase bukod pa sa pagtaas ng suweldo bawat taon.

ESA Trigger Language

Kung tataas ang minimum wage sa 2024, ang workers ay tatanggap ng 55 cents (\$0.55) + sixty per cent (60%) ng increase sa minimum wage o ng mga increase sa itaas, alinman ang mas malaki.

Me too Language para sa Pay Equity

Kung ang Employer ay naglalaan ng wage rate sa mga bagong hire na empleyado na mas mataas kaysa sa rates na nakatakda sa minimum rates, ang lahat ng mga empleyado sa parehong building na nasa pareho o mas mataas na classification ay karapat-dapat na tatanggap noong mas mataas na wage rate na iyon.

Para sa Bee-Clean workers sa Skytrain at Best cleaners sa post-secondary institutions, EA Sports at Coastal Mountain bus, tingnan ang hiwalay na addenda para sa inyong wage rates.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: justiceforjanitors.ca o kontakin ang inyong Union Representative.



JUSTICE FOR JANITORS



2023

Central Bargaining Contract Highlights

Congratulations sa inyong bagong Collective Agreement!

Salamat sa mga pagsisikap ng workers na mag-organisa sa nakaraang 7 taon, ang bargaining sa taon na ito ay ang unang beses simula noong 1980s sa British Columbia kung saan mahigit sa 2,500 workers ang nagkaisa sa isang central bargaining table para mag-negotiate ng isang city-wide contract.

Inilagay tayo nito sa mas malakas na posisyon na mas makipag-negotiate sa ating mga Employer, at tanggihan ang anumang concessions.

Tayo'y nagkaisa, at tayo'y nagtagumpay!

Para sa mga miyembrong empleyado ng Bee-Clean Building Maintenance, Best Service Pros, GDI Integrated Facility Services, Alpine Building Maintenance, Ultra-tech Cleaning Systems, Hallmark Housekeeping Services, BGIS Integrated Facility Management at C&W Services sa Lower Mainland, Victoria, at Kelowna.

Ito ang listahan ng key highlights na nakamit ng inyong Bargaining Committee:

Term ng Kontrata

Hunyo 1, 2023 - Mayo 31, 2025

Ang kontratang ito ay magtatagal nang 2 taon. Mas mainam ang mas maikling term ng kontrata dahil ibig sabihin nito'y mas maaga tayong makakabalik sa bargaining table para humingi ng karagdagang improvements sa lugar ng trabaho.

Job Security

Ipinaglaban ng inyong Bargaining Committee na masigurado na mayroon tayong malakas na wikang nagprotektang sa workers laban sa subcontracting practices at mga pagsubok na kumuha ng subcontractors bilang kapalit ng bargaining unit work para makatipid sa gastos.

Medical Note

Maari kayong hingan ng inyong Employer ng medical note pagkatapos ng **tatlong (3) araw o higit pa na kayo'y may sakit.** Kung hiningan kayo ng note, kailangan niyang i-reimburse sa inyo ang gastos para sa pagkuha ng medical note.

Job Postings, Mga Karapatan Kapag na Lay-off, at Mga Request na Lumipat sa Ibang Site

Nakapahayag sa Article 12 ng inyong Collective Agreement na nire-require ang Employer na magpaskil ng mga bagong trabaho para bigyan ang mga kasalukuyang empleyado ng pagkakataong mag-apply para sa mga posisyon bago ito mag-hire mula sa labas.

Ang Lead Hand at Special Project Worker ay job classifications na

ngayon na dapat ipaskil muna.

Ang mas mainam na job posting provisions na ito ay batay sa sistema ng seniority sa buong kompanya.

Napanalunan din ito ng inyong Bargaining Committee: na ang Employer "ay hindi maaaring sariling magpasiya nang mag-isa na maglipat ng mga empleyado sa ibang sites," at binibigyan din nito ang workers ng pagkakataong mag-apply para sa mga job posting sa ibang unionized work locations kung gusto nila; kailangan lamang nila abisuhan nang nakasulat ang kanilang Employer.

Mga break

Ang mga empleyadong nakaiskedyul para sa isang shift na pito (7) o higit pang mga oras ay karapat-dapat na magkaroon ng dalawang (2) paid fifteen (15) minute rest period sa shift niya.

Ang bawat Empleyadong nakaiskedyul para sa isang shift na mas maikli sa (7) oras ay karapat-dapat na magkaroon ng isang (1) paid fifteen (15) minute rest period sa shift niya.

Ang mga empleyadong nakaiskedyul para sa isang shift na limang (5) oras o higit pa ay karapat-dapat na magkaroon ng unpaid na kalahating (1/2) oras na meal break.

"Kapag napagkasunduan ng kapwa Employer at ng isang empleyado, ang break ay maaaring iiskedyul sa katapusan ng shift ng empleyado."

Makatwirang pagsisikapan ng Employer na baguhin ang break times para makapagdasal o para sa religious fasting ng empleyado.

Mas mahusay na Vacation Pay at mga Piyesta Opisyal

Ang Truth & Reconciliation ay kikilalanin na ngayon bilang piyesta opisyal sa inyong Collective Agreement!

Simula Enero 2024, ang mga empleyadong nakakompleto ng apat (4) na taóng

trabaho ay karapat-dapat na makakuha ng tatlong (3) linggong bakasyon nang may anim na porsiyentong (6%) pay, at ang mga empleyadong nakakompleto ng sampung taóng (10) taon ay tatanggap ng apat (4) na linggong bakasyon nang may walong porsiyentong (8%) pay.

Sa mga building kung saan may iilan o kung saan ang lahat ng mga naninirahan ay nag-oobserba ng Easter Monday, at sinabi ng Employer sa empleyado na huwag pumasok sa trabaho sa mga araw na ito, ito'y dapat nakasulat, at ang empleyado ay karapat-dapat na tumanggap ng kanyang regular na sahod para sa araw na iyon.

Simula Enero 2024, para sa **lahat ng mga empleyadong** sakop sa ilalim ng Agreement na ito, ang kanilang naipon na vacation pay ay ika-cash out kapag nagbakasyon sila, o sa katapusan ng taon.

Paid Personal Days

Ang workers na nakakompleto sa kanilang probation ay karapat-dapat na makatanggap ng isang (1) paid personal day bawat taon.

Ang workers na nakakompleto ng limang (5) taon ng serbisyo ay magkakaroon ng karagdagang paid personal day bawat taon (dalawang (2) paid days bawat taon).

Paid Sick Days

Ang mga empleyadong nakakompleto sa kanilang probation ay karapat-dapat na makatanggap ng limang (5) paid sick days bawat taon.

Dahil ito'y malinaw na nakasulat sa ating Collective Agreement, ibig sabihin ay garantisadong mayroon tayo nitong paid sick days kahit magbabago man ang gobyerno at nagpasiya silang bawiin ang isinabatas na benefits ng workers.

Allowance para sa Uniporme

Ang allowance para bumili ng pants na uniporme (kung hindi ito inisyu ng inyong Employer) ay tumaas mula \$50 bawat taon at naging \$100.

Ang mga Employer ay magco-contribute din ng karagdagang two (2) cents bawat oras bilang tulong sa gastos ng paglalaba ng inyong mga uniporme.

Para sa mga empleyadong kailangang magtrabaho sa labas kapag winter, maglalaan din ang inyong Employer ng winter coat na may Company ID at winter gloves na pipiliin nito.

Health Benefits

Ang eligibility na mag-enroll sa benefits ay bumaba na ngayon mula siyam (9) na buwan at naging anim (6) na buwan.

Ang inyong Employer ay patuloy na magbabayad ng mga premium sa inyong benefits; ito'y magkakahalaga nang \$1.27 bawat oras na trinabaho. Sa panahon ng Collective Agreement na ito, ang Union Trust ay magsasagawa ng review para malaman kung mayroon pang karagdagang perang available nang gawing mas mabuti ang inyong benefits.

Tandaan na ang workers na hindi sakop ng benefits (mga nagtrabaho nang wala pang 87 oras bawat buwan) ay magkakaroon na ngayon ng access sa Life Insurance and Accidental Death and Dismemberment Insurance. Tingnan ang benefit booklet para sa karagdagang impormasyon.

Letter of Understanding tungkol sa mga Job Description

Nagtatag ng isang sub-committee na magpupulong sa loob ng tatlung (30) araw para pagkasunduan ang mga job description para sa mga classification na sakop ng Agreement na ito.

